Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 4, No. 1, October 2024



Research Article

# Pagtatanghal at Pagpapalaya: Sipat sa Pagganap at Danas ng Pagkatuto ng Sining ng Pangkat Adlaw sa Batangas

Aileen Joy Saul
De La Salle Lipa
aileen.joy.saul@dlsl.edu.ph

**ARTICLE INFO**
*Article History*
Date Received: May 20, 2024
Date Accepted: September 3, 2024
Keywords
pagganap, pagtatanghal, experiential learning, malikhaing proseso, sining

**ABSTRACT**

Ang pananaliksik na ito ay isang pangunang pag-aaral hinggil sa moda ng produksyon ng sining ng mga mag-aaral na kabilang sa pangkat Adlaw. Tinangkang ilarawan ang kanilang pagganap bilang isang objek at metodo, sinuri ang malikhaing proseso sa kanilang pagbuo ng sining at danas ng kanilang pagkatuto. Ginamit na balangkas sa pagsusuri ang teorya nina Richard Schechner at William Beeman ukol sa performance moda ng produksyon ng sining ayon sa malikhaing proseso ni Jane-Tarr at ang teorya ni David Kolb ukol sa Experiential Learning. Mula sa isinagawang Focus Group Discussion, natunghayang ang isang malikhaing prosesong naglalahad ng moda ng produksyon ng pangkat na kinapalooban ng paggalugad sa materyal, ideya at konsepto ng paglikha, konteksto/kapaligiran, kasanayan at teknik at uri ng presentasyon. Sa kanilang pagganap ay tunguhin ng pangkat na ipahiwatig ang adbokasiyang "Pagbalikwas, Pagtugon at Paglaya." Ito rin ang nagtatakda ng identidad na nais ipakilala ng pangkat bilang tagapagpadaloy ng sining sa paaralan. Batay sa ibinahaging karanasan, matutunghayang ang organisasyon ang nagsisilbing laboratoryo ng mga miyembro nito upang linangin ang kanilang kaalaman, kasanaysan at teknik sa paglikha ng sining sa pamamagitan ng danas nito.

*The study explores the mode of production of arts among students who are members of Adlaw, a co-curricular organization in De La Salle Lipa Integrated School. Specifically, the group's performance is described both as an object and method along with the creative process in their experience of arts in various fields. The theory of Schechner and Beeman on performance and Kolb's Experiential Learning were used as the framework for analyzing the dynamics of performance and outlining the learning process. From the Focus Group Discussion, it was found that the group delves into various materials, ideas, context, skills, techniques in expressing their advocacy Pagbalikwas, Pagtugon, Paglaya (Resist, Respond, Liberate). This likewise manifests the identity that the group upholds as catalysts for promoting arts in school. Overall, their narratives of experience lead to identifying the group as their laboratory in developing their knowledge, skills, and techniques in learning and appreciating arts.*

## INTRODUKSYON

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagsisiyasat ng moda ng produksyon ng sining ng mga mag-aaral mula sa pangkat Adlaw sa De La Salle Lipa, isang organisasyon na itinatag noong 2011 upang isulong ang sining at kultura sa hayskul. Ang Adlaw, na ang pangalan ay mula sa wikang Bisaya na nangangahulugang "araw," ay naging pangunahing tagapagtaguyod ng sining sa paaralan sa pamamagitan ng kanilang mga aktibidad at pagtatanghal sa iba't ibang anyo ng sining. Sila ay nagsimula bilang Filipino academic varsity sa Junior Highschool at sa pangangailangan ng isang pagtatanghal para sa paligsahang lalahukan sa labas ng paaralan, tinipon ang mga mag-aaral upang bumuo ng isang speech choir. Simula noon ay unti-unting lumaki ang pangkat sa pamamagitan ng pagsibol ng iba't ibang sangay ng sining na itinatanghal

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

ng mga mag-aaral.

Sa loob ng De La Salle Lipa, isang mahalagang bahagi ng edukasyong pang-sining at pang-kultura ang mga gawaing nagpapalaganap ng kamalayan sa kahalagahan ng sining sa lipunan. Ang mga asignaturang nakapaloob sa kurikulum ay nagbibigay-diin sa pagpapahalaga sa sining, ngunit higit pang pinalalakas ito ng mga gawain ng Tanggapan ng Isports at Kultura na nagtatanghal ng mga proyektong may kaugnayan sa sining. Ang Adlaw, bilang isang samahan ng mga mag-aaral, ay nagbibigay-diin sa paglinang ng kakayahan at kaalaman sa sining, kultura, at wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng kanilang mga kurso tulad ng Malikhaing Pagsulat, Dula/Sabayang Pagbigkas, Pelikula, at Sining Biswal. Nakasentro ang pangkat sa paglinang at paghubog ng kakayahan at kaalaman sa sining, kultura at wika ng Pilipinas.

Gayunpaman, sa kabila ng kahalagahan ng pangkat Adlaw sa pagpapalaganap ng sining sa paaralan, walang umiiral pananaliksik na nag-aaral ng kanilang moda ng produksyon ng sining at ang kanilang karanasan sa pagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay ng isang komprehensibong pagsusuri sa kung paano ang pangkat Adlaw ay lumilikha, nagtatanghal, at natututo ng sining. Ang pangunahing layunin ng pananaliksik ay ilarawan ang moda ng produksyon ng sining ng Adlaw, samantalang ang ispesipikong layunin nito ay: (1) suriin ang malikhaing proseso sa kanilang pagbuo ng sining, (2) ilarawan ang kanilang pagganap bilang objek at metodo, at (3) ilarawan ang danas ng pagkatuto sa sining ng pangkat.

Ang resulta ng pag-aaral ay inaasahang mag-aambag sa literatura hinggil sa edukasyong pansining at kultura, at magiging batayan sa pagbuo ng mga pedagogikal na estratehiya upang higit pang mapalaganap ang pagpapahalaga sa sining sa akademiya. Ang pananaliksik ay magsisilbing pangunang pag-aaral hinggil sa moda ng produksyon ng sining ng mga mag-aaral na kabilang sa pangkat Adlaw. Makatutulong din ang pag-aaral sa Erya ng Filipino sa Hayskul maging sa Erya ng mga Wika at Panitikan sa Kolehiyo upang maging batayan sa pagtukoy ng mga gawaing pedagohikal na makapagpapalaganap ng pagpapahalaga sa sining sa akademya at makapagpalawak ng edukasyon sa humanidades.

Mahalaga ang edukasyon sa sining sa paglinang ng holistikong debelopment ng isang indibidwal. Ayon sa International Society for Education Through Art (InSEA), “ang edukasyon sa pamamagitan ng sining ay isang natural na paraan ng pagkatuto sa lahat ng yugto ng debelopment ng tao.” Nakapaloob dito ang mga pagpapahalaga at disiplina para sa intelektwal, emosyonal at panlipunang debelopment ng tao bilang bahagi ng komunidad (Law, 2010). Ang sining ay nararapat maging bahagi ng kurikulum sapagkat ang ito, gayundin ang kultura, ay mahalagang komponent ng komprehensibong edukasyon tungo sa holistikong debelopment ng tao. Nakasaad sa Road Map for Arts Education ng UNESCO (2006, p.3-6) ang mga pangunahing layunin ng edukasyon sa sining: Una, isinusulong ito bilang isang karapatang pantao sa paraang pakikisangkot sa kultural na buhay ng komunidad, paglilibang at pagiging kabahagi ng sayantipikong pag-unlad at ang mga benepisyo nito. Ikalawa, ang sining ay nagsisilbing daluyan ng malikhaing karanasan, proseso at paglinang sa kakayahan ng tao.

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Ikatlo, ang edukasyon sa sining at edukasyon gamit ang sining ay nakapagpapahusay ng aktibong pagkatuto, nakapagpapataas ng interes at sigasig ng mag-aaral, isang pagpapakita ng paggalang at pakikibahagi sa lokal na komunidad at kultura. Ikaapat, nagtataguyod ng ekspresyon ng pagkakaiba-iba ng kultura bilang ang sining ay manipestasyon ng kultura at tagapagdala ng kaalamang pangkultura.

Sa Pilipinas, ang pag-aaral ng sining ay bahagi ng kurikulum mula sa elementarya hanggang kolehiyo. Simula pa lamang sa Basic Education Curriculum (BEC) na isinakatuparan noong 2002 ay bahagi ng asignaturang Makabayan ang Musika at Sining gayundin ang Edukasyong Pampalakasan. Pinagtibay naman ng CHED Memorandum Order (CMO) No. 59, Serye 1996 ang New General Education Curriculum (NGEC) na kinapapalooban ng 6-yunit na asignatura sa humanidades kabilang ang sining at pilosopiya. Isinasaad ng batas ang layunin ng mga nabanggit na asignaturang turuan ang mga mag-aaral sa pagkukuro ng kabuuang karanasang pantao at lumikha ng makataong pananaw sa pagsasama-sama ng lahat ng disiplina tungo sa malalim na pag-unawa ng indibidwal at lipunan. Samantala, sa pagpasok ng Kurikulum ng K to 12 ay naging hiwalay na asignatura ang Musika at Sining para sa Baitang 1 hanggang 10. Isang asignatura ukol sa lokal at kontemporaryong sining mula sa mga rehiyon ang inilatag para sa mga mag-aaral ng Senior High School. Nakabalangkas sa pagtuturo at pag-aaral ng sining ang integrasyon ng mga aktibong gawain, partisipasyon, malikhaing ekspresyon, estetikong pagtataya, kritikal na pagtugon at interpretasyon. Itinuturing na performance-based ang disiplina na nakatuon sa karanasang pampagkatuto ng mga mag-aaral.

Upang maging holistiko ang debelopment ng mga mag-aaral ay hinihikayat silang maging kabilang sa mga organisasyon sa loob ng paaralan. Ang mga samahang ito ay nagsisilbing alternatibong lunan para sa paghubog ng kasanayan at kaalaman sa iba't ibang larang. Sa De La Salle Lipa Integrated School, ang mga organisasyon ay nahahati ayon sa kalikasasan nito. Nariyan ang Student Coordinating Board na nagtataguyod ng kapakanan ng mga mag-aaral, Curricular Clubs para sa mga organisasyong kaugnay ng mga asignatura ng mag-aaral at Co-curricular Clubs para sa pagpapalawig ng interes at talento ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang Pangkat Adlaw na nagtatampok sa iba't ibang sangay ng sining gaya ng sining biswal, dula, tula, pelikula at malikhaing pagsulat. Nakasaad sa Patakaran at Panuntunan ng Organisasyon ang layunin ng pangkat: Malinang sa angking galing sa pagsulat, pagsasalita, pag-arte, pagbasa at paglikha ng dokyumetaryo/pelikula, mapalawak ang kaalaman at perspektiba ng mga mag-aaral sa wika, midya, lipunan at kulturang Pilipino, maging malay sa mga katotohanan ng lipunan gamit ang kritikal na pag-iisip at mahubog ang mag-aaral bilang mga Lasalyanong maka-Diyos, makatao at makabansa.

May ilang pananaliksik ang nailimbag ukol sa pagganap bilang paksa ng pag-aaral. Sa mga pananaliksik na ito ay binigyan ng higit na pagpapahalaga kung paano umiiral ang pagganap kaysa sa payak na pagpapakahulugan lamang ng termino. Salalayan ng mga pag-aaral na ito ang teorya ukol sa pagganap na ipinanukala nina Turner (1988) at Schechner at Beeman (1993) sa pagiging sentral nito na pag-unawa

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 4, No. 1, October 2024

ng buhay ng tao at lipunang ginagalawan (Komitee, 2010). Partikular na nabanggit ni Schechner ang pitong tungkulin ng pagganap: 1) mang-aliw, 2) gawing kaakit-akit ang isang bagay, 3) magsilbing tanda o pagbabago ng identidad, 4) lumikha o luminang ng isang komunidad, 5) magpagaling, 6) mangaral o manghikayat 7) makitungo sa isang bagay na banal o masama. Matutunghayang ang pagganap ay hindi lamang iisang akto kundi isang pag-uulit ng mga pamantayan sa pamamagitan ng repetisyong natutunghayan sa iba't ibang paraan kabilang na ang representasyon nito (Finlayson, 2015:364). Sang-ayon kay Schechner, ang pagganap ay dapat ituring na isang 'malawak na spectrum' ng mga aksyon ng tao na - mula sa ritwal, laro, palakasan, popular na aliwan, mga sining na pagtatanghal at pang-araw-araw na pagganap sa buhay hanggang sa pagganap ng mga papel sa lipunan (Leeker, 2017, p.12). Samakatuwid, ang pag-aaral ng pagganap ay sumusuri sa mga nagtatanghal, pagkakakilanlan, mga pangyayari, at naratibo ng iba't ibang paraan kung paano nakalilikha ng kahulugan mula dito.

Bilang isang sining, ang pagganap ay matutunghayan sa performance art at dulang nakaugat sa performing arts. Ang mga nabanggit ay may magkaparehong katangiang makikita sa ugnayan ng aktor at manonood (Rozik, 2014 na binanggit ni Saul, 2015). Sa kabila ng pagkakatulad, tinukoy rin ang pagkakaiba ng dalawang sining. Sa performance art, ang katawan, presensya at aksyon ng nagtatanghal at manonood ang nagsisilbing instrumento. Maaring hindi gumamit ng tradisyonal na midyum gaya ng pintura o musika ang nagtatanghal sapagkat ang performance art ay maituturing na dinamiko sa paggamit ng katawan, tunog, galaw at mismong interaskyon sa manonood upang maihayag ang konsepto o mensahe ng pagganap. Maituturing na malaya ang daloy ng pagtatanghal at walang tiyak na espasyo na naghihiwalay sa pagitan ng gumaganap at manonood. Hindi ito katulad ng dulang kumbensyonal na sumusunod sa iskrip at may planadong galaw sa entablado. Paliwanag ni Garoian (1996), ang direktang ugnayan ng aktor sa manonood nito ang lumilikha ng kahulugan sa pagganap (Saul, 2015). May ilang pananaliksik ang sumuri sa performance art gaya ng pagsusuri nito bilang isang naratibo (Alber, 2017). Para sa kanya, ito ay isang paglalahad ng kahulugan sa pamamagitan ng moda ng ekspresyong hindi nakabatay lamang sa tradisyonal (o nakalimbag) na teksto kundi sinasakop din nito ang elementong pisikal, biswal at tunog sa pagtatanghal. Ang reaksyon o tugon ng manonood ay mahalaga upang hubugin ang daloy ng pagsasalaysay.

Maiiugnay sa konsepto ng performance ang terminong performativty na maiuugnay sa kaisipang ipinanukala ni Judith Butler. Ang parehong konsepto ay nagsasangkot ng mga ideya na ang mga aksyon ay nakatutulong sa pagbuo at pagpapahayag ng pagkakakilanlan. Ang pagganap (performance) ay nagpapakita ng mga aksyon sa isang partikular na konteksto samantalang ang performativity ay ukol sa kung paano ang mga aksyon na iyon ay mahalaga sa paglikha at paghahayag ng pagkakakilanlan. Sa konsepto ng performativity, may kakayahan ang salita at komunikasyon na magpahayag ng moda ng kilos na naglalayong bumuo ng identidad (Ilori, 2016). May implikasyon ang performativity sa edukasyong pansining sang-ayon kay Koopman (2005) dahil natutukoy nito ang halaga ng mga malikhaing gawain sa paghubog

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

ng identidad ng mag-aaral at pag-unawa sa sining. May epekto ang mga gawaing pagganap sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataong makapagpahayag ng kanilang indibidwal at kolektibong pagkakakilanlan gayundin ang pagbibigay-halaga sa kanilang karanasan ng pagkatuto ng sining.

Hinggil naman sa pag-aaral ukol sa danas ng pagkatuto ng sining, isa ang pananaliksik ni Barrett (2007) ang tumalakay sa praktika ng sining bilang batis ng kaalaman mula sa pananaw ng manlilikha nito. Kanyang idinokumento ang karanasan at repleksyon ng mga manlilikha ukol sa kanilang mga naging proyekto sa sayaw, malikhaing pagsulat at sining biswal. Sang-ayon sa mananaliksik, mahalaga ang integrasyon ng kaalamang teyoretikal at karanasan ng manlilikha tungo sa pagtamo ng kaalaman gayundin sa pagkatuto ng sining. Ang pakikisangkot sa mga praktikal na gawaing may kaugnayan sa paglikha ng sining, kasama ang repleksiyon ng mga karanasan mula dito  ay maaaring magbunga ng mga kabatiran para higit na  maunawaan ang kalikasan ng larang na ito.

Upang ilarawan ang pagganap at pagtatanghal ng pangkat Adlaw, ang teorya nina Richard Schechner at William Beeman (1993) ukol sa performance ang ginamit na salalayan sa pag-aaral. Inilarawan din ang moda ng produksyon ng sining ayon sa malikhaing proseso ng paglikha ni JaneTarr. Panghuli, ang teorya ni Kolb ukol sa Experiential Learning ang ginamit na batayan sa pagsusuri ng danas ng pagkatuto ng sining ng mga kasapi ng Adlaw.

Ang pagsipat sa moda ng produksyon ng sining ng mga kasapi ng Adlaw ay ilalarawan gamit ang anim na erya ng malikhaing proseso: Una, ang stimulasyong maaring magmula sa karanasan, emosyon, o mga bagay na nakikita ng manlilikha sa paligid; ikalawa, paggalugad sa mga materyales, ideya at konsepto; ikatlo, ang konteksto o kapaligiran; ikaapat, repleksyon; ikalima, ispesipikong kasanayan at teknik at ikaanim, paglalahad o presentasyon (Tarr, 1996). Pinalawak ang talakayang nabanggit sa pamamagitan ng pagsusuri ng pagganap ng pangkat bilang isang objek at metodo. Bilang isang objek, ang pagganap ay kumakatawan sa ideyang naisasalin sa konkreto at biswal na pagtatanghal ng pisikal na aksyon at wika. Ang pagganap ay susuriin ayon sa konteksto nito at kung paano naipahahayag ng manlilikha ang kanyang mga kaisipan, pansarili at panlipunang pagpapahalaga at pananaw sa sining bilang isang uri ng pagpapahayag at kultural na gawi. Sa kabilang banda, ang pagganap bilang isang metodo ay matutunghayan sa paraan ng paglalahad ng ideya bilang batayan ng pangangalap ng tugon mula sa manonood. Paliwanag ni Schechner, umiiral sa isang pagganap ang “aksyon, interaksyon at ugnayan” (Performance and Performativity, w.p). Sa pagsusuri ng pagganap, tinitingnan ang kilos ng gumaganap gayundin ang paraan at uri ng pakikipag-ugnayan nito sa manonood. Umaayon din ito sa ideyang inilahad ni Mirano (2013) na sa pagganap ay may katangiang “pagbibigay-buhay at pagpapalaya.” Ang pagganap ay hindi lamang isang aktibidad. Ito ay isang paraan ng pagbibigay-buhay sa ideya, emosyon, o kaganapan. Sa pamamagitan ng pagganap, ang mga abstraktong konsepto o paksa ay nagiging konkretong karanasan na maaaring maranasan ng mga manonood o tagapakinig. Mistulang nagiging isang akto ng pagsasalaysay ang pagganap sa pamamagitan ng interak-

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

syon sa pagitan ng gumaganap at awdiyens nito. Mula sa ugnayang ito ay makalilikha rin ng kahulugan ang awdiyens sa mga kaisipang inihahayag ng gumaganap.

Mula sa pagtukoy ng moda ng produkyon ng sining ng pangkat ay ilalapat ang teorya ni Kolb (1984) para sa pagsusuri ng danas ng pagkatuto ng sining mula sa pananaw ng mga kasapi ng Adlaw. Ang teorya ng pagkatuto ni David Kolb, na kilala bilang Experiential Learning Theory (ELT), ay nagbibigay diin sa papel ng karanasan sa proseso ng pagkatuto. Ang teorya ni Kolb ay nakabatay sa ideya na ang pagkatuto ay isang tuloy-tuloy na proseso ng karanasan, pagninilay, pag-iisip, at pagkilos. Ang teorya ay karaniwang inilalarawan bilang isang siklikal na modelo at binubuo ng apat na pangunahing yugto.

Una, ang Konkretong Karanasan ay umaayon sa danas ng bagong karanasan o sitwasyon. Ito ang unang yugto kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa isang bagong karanasan o aktibidad. Kasama rito ang tuwirang pakikilahok sa isang tiyak na gawain o sitwasyon. Ikalawa, ang Replektibong Obserbasyon ay pagninilay sa naging karanasan. Ang mga mag-aaral ay nagmumuni-muni tungkol sa naging karanasan at kabilang dito ang pagmamasid at pag-iisip tungkol sa nangyari, pagsusuri ng karanasan mula sa iba't ibang pananaw, at pag-aalala sa kung paano ito naramdaman at kung ano ang natutunan mula dito. Ikatlo, ang Abstrakstong Konseptuwalisasyon ay ang pagkatuto mula sa karanasan bunsod ng mga bagong ideya mula sa napagnilayan. Sa yugtong ito ay maaring magdulot ng pagbabago sa pag-unawa sa isang umiiral na kaisipan. Ang mga mag-aaral ay nagbibigay-kahulugan sa karanasan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga teorya o konsepto. Nagsasagawa sila ng mga konklusyon mula sa kanilang repleksyon. Ikaapat, ang Aktibong Eksperimentasyon ay nauukol sa pagsubok ng mga natutunan at pagtingin sa maaring kahinatnan nito. Ang mga mag-aaral ay nakapaglalapat ng kanilang mga bagong teorya o konsepto sa iba't ibang sitwasyon. Sinusubukan nila ang kanilang mga ideya sa pamamagitan ng praktikal na aplikasyon at eksperimento, na magbubunga ng mga bagong karanasan.

Isang mahalagang katangian ng teorya ay ang iba't ibang yugto kaugnay ng natatanging istilo ng pagkatuto. Ang teorya ni Kolb ay nagsisilbing pundasyon para sa isang dulog sa edukasyon at pagkatuto bilang habambuhay na proseso at batay sa intelektwal na tradisyon ng pilosopiya, kognitibo at sikolohiyang sosyal (Healey at Jenkins, 2000). Maaring sundan ang siklo sa anumang yugto ngunit ito ay nararapat na sistematiko. Ang mekanismo ng fidbak ay nagsisilbing batayan ng panibagong aksyon at pagtataya ng resulta nito. Dagdag pa dito, ang pagkatuto ng mag-aaral ay napabubuti kapag maraming yugto ang dinaanan; samakatuwid, mahalaga din ang papel ng guro sa panghihikayat na maranasan ng mag-aaral ang apat na yugto ng siklo ng pagkatuto (Stice sa akda nina Healey at Jenkins, 2000).

## METODOLOHIYA

Gamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik, ang pag-aaral ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan. Sakop nito ang mga aktibong kasapi ng pangkat Adlaw sa mula sa antas Senior Highschool ng De La Salle Lipa sa panahon ng pagsasagawa ng pangangalap ng datos. Sa pakikipag-ugnayan sa dati at kasalukuyang

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 4, No. 1, October 2024

tagapayo ng pangkat, ang mga kasaping nasa Baitang 12 ng Taong Panuruan 2018-2019 ang napiling maging respondente. Sila ay may tatlo hanggang anim na taong karanasan bilang miyembro ng pangkat. Apat sa kanila ay bahagi ng sangay ng performing arts, dalawa ang nasa visual arts at ang isa ay film making. Napili ang pitong senior hayskul na kasapi upang magbahagi ng mas malawak na paglalarawan ng kanilang kasalukuyang partisipasyon at kontribusyon sa organisasyon bunsod ng mahabang taon na inilagi bilang mga miyembro. Ang respondenteng may pinakamatagal na karanasan ay nagtataglay ng anim na taon bilang miyembro at tig-tatlo sa kanila ang may tatlo at apat na taon.

Nangalap ng pangunahing datos ang mananaliksik mula sa pagsasagawa ng Focus Group Discussion (FGD) at panayam sa mga kasapi ng pangkat bilang mga respondente kasama ang kanilang mga naging tagapayo. Layunin nito ay makuha ang mga pananaw, opinyon, at karanasan ng mga kasapi tungkol sa kanilang malikhaing proseso at pagkatuto. Bahagi rin ng metodo ang pagsasagawa obserbasyon at dokumentasyon ng kanilang mga sesyon na aktwal at nakalathala sa kanilang social media group gayundin ang mga naging pagtatanghal sa loob at labas ng paaralan.

Mula sa mga karanasang naibahagi ng mga kasapi ay sinuri ang daynamiks ng kanilang pagkatuto ng sining bunga ng kanilang paglikha hanggang pagtatanghal nito ayon sa tema tulad ng proseso ng paglikha, mga teknikal na aspekto, at pagkatuto. Ginawan ng transkripsyon ang ang mga recording mula sa FGD at panayam at mula dito ay tinukoy ang mga pangunahing tema, kategorya, at pattern sa mga sagot ng mga respondente gamit ang tematikong pagsusuri. Nagtalaga ng mga codes para sa mga pahayag upang tukuyin ang malikhaing proseso, ideya/tema ng pagtatanghal, paraan ng paglalahad ng ideya, tugon ng awdiyens sa kanilang pagtatanghal at karanasan sa pagkatuto ng kanilang sining. Ang mga datos na nakalap mula sa FGD at panayam ay sinuportahan ng mga pagsusuri sa ilang dokumentado nilang pagtatanghal.

## RESULTA AT DISKUSYON

Sa bahaging ito ay tinalakay ang mga datos na nakalap sa pamamagitan ng paglalarawan sa anim na erya ng malikhaing proseso ng mga kasapi ng pangkat Adlaw. Binubuo ang malikhaing proseso ng anim na pangunahing bahagi na mahalaga sa pagbuo ng isang likha, simula sa stimulasyon, paggalugad ng mga materyales, at pagsasaalang-alang sa panlipunang konteksto, hanggang sa patuloy na paglinang ng kakayahan at pagbuo ng simbolikong wika gamit ang sining.

### *A. Malikhaing Proseso*

Sa pamamagitan ng replektibong gawain ay mailalarawan ang malikhaing proseso ng samahang Adlaw. Sang-ayon kay Tarr (1996), may anim na pangunahing erya ang kabilang dito: una, ang stimulasyon ay kailangan sa anumang uri ng gawain sa sining. Ito ang nagbibigay daan upang ang mag-aaral ay mahikayat na lumahok sa anumang gawain bukod pa sa pagkakataong maipahayag ang kanilang emosyonal na tugon sa kanilang likha. Para sa mga respondente, ang kanilang hilig at oportunidad na makapagtanghal sa paaralan ang pumukaw sa kanilang interes na maging bahagi ng Adlaw. Naging motibasyon ng grupo ang pagmamahal nila sa sining at kultura. Dagdag pa

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

rito, natunghayan ang halaga ng papel na ginagampanan ng kanilang gurong tagapayo upang maimpluwensyahan at malinang ang interes na ito. Nakikita rin ng guro ang impluwensya ng pangkat na makahikayat din ng iba pang mag-aaral na maging bahagi ng Adlaw. Ikalawa, sa paggalugad ng mga materyales, ideya at konsepto, gawain na ng pangkat ang magsagawa ng pananaliksik ukol sa tema at paghahanda ng mga gamit o props para sa isasagawang biswal na sining o pagtatanghal. Karaniwan ay naka-pokus sa kalagayan, partikular ang problema ng lipunan bilang paksa ng kanilang mga likha. Ikatlo, ang panlipunang konteksto o kapaligiran ay nagsisilbing lunan kung saan nalilikha ang kahulugan; samakatuwid, ito ay mahalagang sangkap sa pagkatuto ng sining at malikhaing proseso (Tarr, 1996). Sa isang antas, kinabibilangan ito ng pagkakapangkat-pangkat ng mga mag-aaral at ang espasyo at kagamitang inilalaan para sa isang gawain. Ang mga miyembro ng samahan ay nakapangkat ayon sa sining na kanilang pinagkakadalubhasaan. Marami rin sa kanila ay may sariling gamit para sa sining biswal at pagsasagawa ng video. Ang paaralan ang kanilang espasyo upang linangin ang kasanayan, kabilang na din ang mga lektyur at worksyap na kanilang nilalahukan. Ayon sa kanilang gurong tagapayo, may suporta silang natatanggap mula sa Opisina ng Kultura at Sining at Students' Activities Office para sa mga gawaing nais isakatuparan sa loob at labas ng paaralan. Ikaapat, ang patuloy na paglinang sa kakayahan sa sining ng mga mag-aaral ay nakabatay sa prinsipyo ng replektibong aksyon. Ang mga kasapi ay nagsasagawa ng pagtalakay sa pamamagitan ng pagpupulong na nakalaan sa mga gawaing kailangang isakatuparan. Sa bahaging ito natutunghayan ang mahalagang papel ng gurong tagapayo upang matyagan at magbigay puna hinggil sa mga gawain at awtput ng samahan. Ikalima, sa paglinang ng kasanayan at teknik para sa isang likha, may nabubuong simbolikong wika para maipahayag ng tagalikha nito ang mga konsepto at kanyang pag-unawa gamit ang sining. Ang pangkat ay kumukunsulta sa koordineytor ng sining sa paaralan upang mabahaginan sila ng kaalaman at teknik para sa pagtatanghal. Bilang isang alagad ng sining, ang kanyang mga talakay at karanasan ay nagsisilbing gabay ng pangkat para sa gagawing pagtatanghal. Ikaanim, ang pagtatanghal ay hindi lamang na itinuturing na isang palabas kundi isang repleksyon ng malikhaing proseso sa sining.

Mula sa mga naging tugon, mahihinuha na ang stimulasyon ay kritikal na bahagi ng malikhaing prosesong nagbibigay inspirasyon sa mga miyembro ng Adlaw upang lumahok at magbigay ambag sa sining. Ang hilig ng mga mag-aaral sa sining at kultura, kasama ang oportunidad na makapag-tanghal sa paaralan, ay nagsilbing pangunahing motibasyon. Ang kanilang pagmamahal sa sining, na pinagtibay ng suporta mula sa kanilang gurong tagapayo, ay nagsusulong sa kanila upang magpatuloy sa kanilang malikhaing gawain. Ang pagganyak ng guro sa paglinang ng kanilang interes at pag-akit sa iba pang mag-aaral ay nagpapakita ng mahalagang papel ng external na stimulasyon sa pagbuo ng isang aktibong komunidad sa sining. Ang kawilihan at interes ng mag-aaral sa pagtatanghal sa loob at labas ng paaralan ay pagpapakita hindi lamang ng angking galing sa sining. Higit dito ang layunin nilang makisangkot sa usaping panlipunan sa pamamagitan ng paglalahad at pagpapahayag ng kanilang adbokasiya bilang isang organisasyon.

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

*B. Pagganap bilang Objek*

Ang susunod na mga bahagi ay naglalarawan sa sining ng pangkat ayon sa konteksto ng paggganap bilang isang objek at metodo. Bilang isang objek, ang pagganap ay nakaugat sa pagbuo ng tema, pagpili ng midyum, at espasyo ng pagtatanghal. Samantala, ang pagganap bilang metodo ay pag-unawa sa papel ng pagganap sa paglikha at pagpapahayag ng kahulugan. Ang pagganap ay hindi lamang isang paraan ng pagpapakita ng ideya kundi isang proseso ng pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng konkretong aksyon at wika.

Ang pagganap, ayon kay Mirano (2013) ay nagpapahiwatig ng "pagiging buhay (being) at mapagpalaya (liberating)." Ang pagganap ay unti-unting nailalagay sa sentro ng akademikong larang sa pagsipat dito bilang isang objek at metodo. Bilang isang objek, ang pagganap ay kumakatawan sa ideyang naisasalin sa konkreto at biswal na pagtatanghal ng pisikal na aksyon at wika. Binibigyang pansin sa pagganap ang pagbuo ng tema at mga paksa na bibigyang buhay sa pamamagitan ng pagganap, gamit ang partikular na midyum na akma para dito at ang espasyo para sa pagtatanghal.

Naglalaman ng mga ideyang naisasalin sa konkreto at biswal na pagganap ng pisikal na aksyon at wika ang bawat pagtatanghal ng pangkat.  Sa paglikha ng ideya o konsepto bilang tema, ang lipunan ang pangunahing tugon ng mga respondente bilang bukal ng kanilang inspirasyon sa pagganap. Ito ang ideyang pinagmumulan ng kanilang mga paksa at tema para sa paglikha. Ispesipiko ang kalagayan ng lipunan sa nagiging karaniwang tema ng kanilang mga likha. Partikular na umiikot sa mga isyu at problema ng tao at kanyang lipunang ginagalawan ang ispesipikong paksa gamit ang iba't ibang midyum ng pagpapahayag. Sa mga paksang ito hinuhugot ng mga kasapi ang mensaheng nais iparating sa kanilang awdiyens gamit ang pagganap at pagtatanghal nito. Itinuturing ng mga kasapi ang kanilang sarili bilang "Tagapagpamulat" at "Tagapagpabatid" ng kalagayang panlipunan sa pamamagitan ng pagtatanghal.

Tinukoy ng dalawang respondente (A at C) ang extrajudicial killing ng kasalukuyang administrasyon bilang isa sa kanilang naging paksa para sa pagganap noong 2017 sa pamamagitan ng performance art. Samantala, binanggit ng isang respondente (G) na isa sa mga naging likha ng pangkat, partikular ng Lente, ay umikot sa paksang kalusugang mental sa loob ng nakaraang tatlong taon. Sa mga maikling pelikulang pinamagatang "Luwad," "Talimuwang" at "Katarsis" naihayag ang paksa gaya ng schizophrenia at depresyon. Isa rin sa mga naging paksa ng pagganap ng pangkat, partikular ng Bigkas Laya, ang tungkol sa ekspresyon ng pag-ibig. Ayon sa isang respondente (F), ito ay nakasentro sa pagpaparamdam ng mensahe gamit ang salita at damdaming inihayag sa isang spoken word poetry.

Binibigyang pansin ang kaangkupan ng midyum para sa mas malawak na pagpaparating ng mensahe ng pagganap. Nakabatay rin ito sa mensaheng nais ipabatid at ang konteksto nito. Ayon sa isang respondente (B), ang gamit ng performance art para sa temang extrajudicial killing ay angkop at mainam sapagkat nagpapakita ito ng aktwal na aksyon o galaw upang maiparating ang mensahe sa manonood. Sinundan

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

niya ito ng tugong ang paggamit ng pagtula para naman sa pagpapahayag ng mensaheng mas nakatuon sa damdamin at salita. Dagdag ng isang respondente (A), nagbibigay ng kalayaan para sa kanyang pagganap ang paggamit ng performance art. Tugon pa niya, kailangang isinasaalang-alang din ang kasanayan ng kasapi para sa pagpili ng sangay ng sining na itatanghal. Bukod sa pagtatanghal nang live ay binibigyang pansin din ng pangkat ang paggamit ng teknolohiya tulad ng computer at video bilang midyum ng kanilang likha. Isang halimbawa nito ang Lente na gumagawa mga maikling pelikula at ang Likha para sa kanilang mga digital art.

Ang pagtukoy ng midyum para sa mga kasapi ay nakaangkla rin sa pagpili ng espasyo ng kanilang pagganap. Binanggit ng isang respondente (D) na madalas ay sa entablado ito nagaganap. Sa labas ng paaralan kung saan sila ay sumasali sa mga paligsahan gaya ng speech choir contest ito karaniwang natutunghayan. Ang pagsali sa isang kompetisyong nasa antas nasyonal ang itinuturing ng pangkat na pangunahing pagganap na kailangang paghandaan sa loob ng isang taon.  Sa kabilang banda, ang pagganap sa loob ng paaralan ay nasa anyong performance art  at spoken word poetry kaalinsabay ng mga pagdiriwang gaya ng Buwan ng Wika tuwingAgosto at Buwan ng Sining tuwing Pebrero. Para sa espasyo ng pagganap, pinipili nila ang lugar kung saan maraming tao ang dumaraan upang makita silang nagtatanghal. Lubos na mahalaga ang ugnayan ng pagganap at espasyo sa isang pagtatanghal. Ayon kay Maligaya (2015), mahalaga ang espasyo sa pagtatanghal sapagkat ”ito ay siyang iniikutan ng mga pangyayari na sa isang iglap ay maaring maglaho at hindi na muling masilayan” (p.5).

Paliwanag ng isang respondente (C), ang pagpili ng espasyong di pormal ay nagbibigay sa artista ng mas malawak na akses para sa pagganap. Sinang-ayunan ito ng isa pang respondente (A) na nais nilang maging natural ang punta ng tao kung saan sila nagtatanghal; samakatuwid, di ito nangangailangan ng pormal na imbitasyon para sa awdiyens. Binanggit ng nasabing respondente ang ilan sa mga lugar sa loob ng paaralan na kanilang pinagtanghalan tulad ng labas ng silid-aklatan (College Learning Resource Center) at palaruan (BB Building). Kung bibisitahin ang social media account ng organisasyon, makikita sa kanilang FB Page ang naging pagtatanghal sa labas ng kantina (Chez Avenir), harap ng Gusaling Diokno at Exhibit Area ng Gusaling Mabini. Maliban sa mga nabanggit, ginagamit din ng pangkat ang espasyo ng teknolohiya para sa pagtatanghal ng mga likha. Halimbawang nabanggit ng isang respondente (D) ang gamit ng video at pag-post nito sa social media para sa pampublikong akses.

Ang pagpili sa isang mataong espasyo, kadalasan ay pampublikong lugar, ay itinuturing na mahalaga sa kanilang pagtatanghal para sa layuning mabatid ng tao ang kanilang ginagawa tungo sa nais nilang pakikiisa sa kanilang pagganap at ito ay sa pamamagitan ng malayang panonood. Samantala, may malaking impluwensya ang espasyo para sa pagganap at pagtatanghal ng mga kasapi ng pangkat Adlaw. Ayon sa isang respondente (D), mas naipamamalas nila ang galaw, kilos at boses na nais nilang marinig ng tao mula sa kanila. Sa konteksto ng performance art, itinuturing namang pagsubok ng isang respondente

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.



(C) ang makita siya ng taong nagtatanghal sa pampublikong espasyo kung saan bilang isang artista ay naipamamalas niya ang kanyang kalayaan sa pagganap; walang reserbasyon sa kanyang kilos upang maipahayag nang lubusan ang sarili. Sinang-ayunan ito ng isang respondente (B) na ang pagpili ng espasyo ng pagtatanghal ay maaring magdulot ng malayang pakiramdam. Inilarawan naman ng isang respondente (F) ang espasyo bilang siyang nagtatakda ng galaw ng gumaganap at nagtatanghal. Maliban sa kalayaang binanggit ng ibang respondente, maaring ang espasyo ay magtakda rin ng limitasyon. Umayon dito ang ibinahaging karanasan ng dalawang respondente (D at E) noong lumaban sila sa isang paligsahan sa isang unibersidad sa Maynila kung saan hindi sila naging kumportable sa pagganap sapagkat naging limitasyon ng liit ng entablado para sa kanilang inihandang pagtatanghal. Para naman sa isang respondente na kabilang sa pangkat Lente (G), ang espasyo ay maaring magdulot din ng oportunidad upang makapag-isip kung paano ito lubusang magagamit lalo na para sa kanilang likhang pelikula. Ayon sa kanya, nakapag-iisip siya ng mga kuhang lampas sa itinakdang espasyo ang konteksto.

Mula sa mga tugong nakalap, matutunghayang ang pagbuo ng tema at pagsasalin ng ideya ng pangkat ay nakatuon sa mga isyu at problema ng lipunan. Ang kanilang pagsisikap na maging "Tagapagpamulat" at "Tagapagpabatid" ng kalagayang panlipunan ay naglalayong magbigay ng mas malalim na pag-unawa at pag-uusap hinggil sa mga isyung panlipunan. Ang kaangkupan ng midyum ay mahalaga sa pagpapahayag ng mensahe ng pagganap. Ayon sa datos, ang iba't ibang midyum tulad ng performance art, spoken word poetry, at digital art ay ginagamit upang umangkop sa temang pinili at ang mensahe na nais iparating. Ang paggamit ng performance art para sa mga isyung tulad ng extrajudicial killings ay nagbibigay ng biswal at madamdaming impak, samantalang ang spoken word poetry ay mainam para sa mas malalim na pagpapahayag ng damdamin at salita. Ang paggamit ng teknolohiya para sa digital art at maikling pelikula ay nagpapalawak sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan sa publiko sa pamamagitan ng social media. Ang pagpili ng espasyo para sa pagtatanghal ay isang mahalagang elemento sa pagganap. Ayon sa datos, ang Adlaw ay nagtatanghal sa mga pampublikong lugar tulad ng entablado sa paaralan, mga paligsahan, at social media platforms. Ang mga espasyong ito ay nagbibigay ng mas malawak na akses sa publiko na nakatutulong sa kanilang layuning makaabot sa mas maraming tao.

*C. Pagganap bilang metodo*

Ang pagganap bilang isang metodo ay natutunghayan sa paraan ng paglalahad ng ideya bilang batayan ng pangangalap ng tugon mula sa manonood. Bahagi ng pagganap ang paglikha ng kahulugan mula sa pananaw ng nagsisipagpaganap at ang pagsasalin ng ideya o kaisipan sa isang kongkreto at biswal na displey ng aksyon at wika. Ayon sa isang respondente (A), isinasaalang-alang niya manonood sa kanyang paglikha ng mensahe gamit ang pagganap. Kanyang inilalagay ang sarili sa perspektibo ng manonood, partikular ang maaring maging pananaw nito at maiisip habang siya ay nagtatanghal. Sa kanyang pagtatanghal, nilalayon niyang mabigyan ang manonood ng pagkakataong mag-isip batay sa kilos, galaw at

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 4, No. 1, October 2024

ekspresyon na kanyang ipinahahayag. Ang prosesong ito ay nagpapakita ng malalim na pag-unawa sa papel ng awdiyens sa pagbuo ng kahulugan. Ang pagsasangkot ng sarili ng manlilikha sa perspektibo ng manonood ay nagpapakita ng empatiya at layuning makuha ang reaksyon ng awdiyens sa pamamagitan ng kanilang galaw at ekspresyon. Dagdag ng isa pang respondente (B), ang kanilang pagganap ay lumalampas sa literal na pagpapakahulugan ng mensaheng nais nilang ipabatid. Gaya ng naunang tugon, sa prosesong ito naipapakita ng gumaganap ang kanyang layong mapag-isip ang manonood upang makalikha ng kahulugan mula sa namamalas. Ang prosesong ito ay naglalayong makalikha ang awdiyens ng kanilang sariling interpretasyon. Ang kakayahang magbigay ng puwang para sa iba't ibang pananaw ay nagpapalakas ng interakasyon sa pagitan ng gumaganap at ng manonood. Sinabi din ng isang respondente (C) na sa paggamit ng mga simbolong itinuturing nilang sandigan ng kanilang pagganap nila naipahihiwatig ang mensaheng nais nilang ipabatid at bigyang pagpapakahulugan mula sa pananaw ng manonood. Sa paraang ito nila naisasangkot ang awdiyens bilang kabahagi sa kanilang pagganap. Ispesipikong halimbawa ang nabanggit ng isang pang respondente (D) ang Bigkas Laya na gumagamit ng metapora sa mga piyesa para sa speech choir. Ang mga simbolo at metapora ay nagbibigay daan sa mas malalim na pagpapahayag at interpretasyon ng mensahe. Dagdag pa ng isang respondente (E), ang pagbibigay kahulugan sa kanilang pagganap ay ipinauubaya ng gumaganap sa kanilang manonood bilang bahagi ng tinatawag nilang ”Pagpapalaya” sa pamamagitan ng paglikha ng iba't ibang pananaw at kahulugan sa kanilang nakikitang pagtatanghal. Sa puntong ito binanggit ng isang respondente (F) ang adbokasiya ng pangkat – ”Pagbalikwas, Pagtugon, Paglaya” na sumasalamin sa ninanais nilang ”magpaligalig” sa isip ng manonood sa konteksto ng paglikha nila ng sariling kahulugan. Sinang-ayunan ito ng isang respondente (D) na ang sining ay hindi lamang tumutukoy sa kanilang mga likha bilang artista kundi ang pagtanggap maging ang di pagtanggap ng awdiyens sa kanilang itinatanghal. ”Show, do not tell,” wika nga ng isang respondente (E) bilang pagtukoy sa pagpapakahulugan batay sa karanasan ng manonood.  Sa bawat pagtatanghal ay may naisasalin na ideya o kaisipang natutunghayan sa pamamagitan ng pagganap. Dito naipababatid ang tema o paksang nilalangkapan ng pisikal na aksyon at wika na siyang itinatanghal sa manonood. Sang-ayon sa mga respondente, ang paggamit ng karakterisasyon, simbolo, pagtukoy sa paksa at iba't ibang elemento ng sining (halimbawa sa biswal) ang nagbibigay daan upang maipahayag ang mensaheng nais ipabatid sa manonood sa tuwing sila ay nagtatanghal. Napakahalaga ng mga sangkap at elementong ito bilang salalayan ng kanilang pagganap. Bahagi rin nito ang pagpili ng akmang midyum para sa pagtatanghal sa publiko. Sa kanilang pagbuo ng mga ideya, dumaraan ang pangkat sa pagbabagyong-isip, talakayan, pananaliksik ng mga isyu at tema at konsultasyon sa kanilang mga gurong tagapamatnubay bilang bahagi ng paghahanda sa gagawing pagtatanghal. Dito ay maiuugnay ang paliwanag ni Lichter-Fischer (2008) tungkol sa relasyon sa pagitan ng sabjek at objek, tagamasid at minamasdan, tagapanood at tagapagtanghal. Para sa awtor, ang manlilikha, bilang unang sabjek, ay gumagawa ng artifak na hiwalay sa katauhan ng manlilikha nito. Sa pamamagitan nito, ang tagapagmasid (o awdiyens) bilang ikalawang sabjek ay ginagawang

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

objek ng kanyang persepsyon at interpretasyon ang nabanggit na artifak. Sa pananaw ng tagapagmasid, ang artifak na ito ay paulit-ulit na sinusuri, tinutuklas ang mga bagong elementong estruktural, at nabibigyan ng iba't ibang kahulugan (p.17). Ang Adlaw ay lumilikha ng kanilang sining sa anyong biswal o pagtatanghal batay sa kaisipan nilang nais ipabatid sa awdiyens na nais nilang magbigay kahulugan dito.

Isa ang kanilang social media account bilang daan upang maipabatid ng pangkat ang kanilang identidad. Sa kanilang Facebook at Twitter page, makikita ang kanilang logong gamit ang imahen ng araw at cover photo na may nakasaad na "Organisasyon ng mga Mag-aaral na Naglalayong Makapagpalaya Gamit ang Sining." Ginamit ng pangkat ang mga salitang naglalarawan sa pagkakakilanlan ng kanilang pangkat maging ang layunin at tunguhin nito – ang magpalaya gamit sa pamamagitan ng sining. Matutunghayan din ang mga panawagan para sa awdisyon, imbitasyon, at larawan at video ng kanilang mga pagtatanghal gaya ng mga performance art na may pamagat na What Flowers and Love (Pebrero 21, 2018), Ties Beyond Reality (Nobyembre 30, 2017), Mga Salita ng Paghilom (Agosto 31, 2017) at Colors of the Society (Marso 31, 2019). Ang mga nabanggit na pagtatanghal ay nakaangkla ng mga pagdiriwang sa paaralan tulad ng Foundation Week, Mental Health Awareness Week, Buwan ng Wika at Pagdiriwang ng Buwan ng Sining. Ang pinakahuling post ng pangkat ay may petsang Marso 2019 hinggil sa kanilang kampeonato sa paligsahang inihanda ng UP Speech Communication Association na may temang "Dagubdob: Tinig ng Pagtindig." Nagkamit ng unang gantimpala ang pangkat Adlaw sa Interpretasyong Oral at Sabayang Bigkas ukol sa pagbibigay buhay sa hinaing at karanasan ng mga manggagawa sa bansa.

Sa gamit ng adbokasiyang "Pagbalikwas, Pagtugon at Paglaya," matutunghayan ang direktang kahulugan ng mga salitang ginamit gaya ng pagbalikwas na nangangahulugang "pagbaliktad", "pagtugon" na nangangahulugang "pagsagot" at "paglaya" na ang ibig sabihin ay "pagkawala mula sa pagkakapigil o pagkakakulong." Mula dito ay lumutang ang iba pang kahulugang tumutukoy sa kanilang isinusulong na adhikain. Wika ng kasalukuyan nilang Tagapayo, ang Adlaw ay nagsisilbing "tagapukaw at/o tagapagpalaya ng indibidwal sa sining." Dagdag pa ng isang mag-aaral na respondente (A), ang 'pagbalikwas' ay nangangahulugang "panganganak sa bagong ako; ang pagbibigay solusyon sa mga problema at pagbibigay sagot sa mga tanong na dati ay hindi maipaliwanag; ang 'pagtugon' ay pagkakaroon ng kamalayan ng isip upang magkaroon ng boses sa lipunan at ang 'paglaya' ay pagkawala sa nakasanayan, pagbasag sa istiryotipo at pagkamulat (ng awdiyens) sa panibagong ideya." Matutunghayan ang signipikasyon sa pagpapakahulugang nalikha ng pangkat sa kanilang identidad at mga gawain sa pamamagitan ng gamit ang wika at biwal. Sa balangkas ng pagpapakahulugan, ang mga salitang Pagbalikwas, Pagtugon at Paglaya ay maiaayon sa semyolohikal na modelo ni Roland Barthes (Media Studies, 2022.) ukol sa denotasyon at konotasyon nito. Mahihiwatigan sa mga tugon ang transpormasyon ng kamalayan at pagkato (pagbalikwas), aktibong pakikibahagi sa kolektibong pagkilos (pagtugon) at pagyakap sa mga bagong kaisipan na nagbibigay ng panibagong pananaw (paglaya). Sa kabuuan, ipinakikita ang proseso ng kamulutan, pagbabago at paglaya ng

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.



indibidwal at lipunan. Ang sistemang ito ng signipikasyon ay nagpapakita kung paano ang gamit ng mga salita ay nagpapalaganap ng ideolohiya ng pangkat.

Mula sa mga tugong nakalap ay natukoy ang pagsasaalang-alang sa pananaw ng manonood, pagtukoy sa kahulugan ng sining na lampas sa literal nitong kahulugan, paggamit ng simbolo at metapora, pagbibigay kalayaan sa awdiyens na maglahad ng sarili nilang pagpapakahulugan at ang pagpili ng midyum at paghahanda para dito ay ilan sa mga temang naitala. Sa kabuuan, ang pagganap ay isang dinamikong prosesong naglalaman ng paraan ng pagbuo ng malalim na koneksyon at pag-unawa sa pagitan ng gumaganap at ng manonood, na nagbibigay halaga sa interpretasyon at karanasan ng bawat isa.

*D. Pagkatuto ng Sining*

Ang pagkatuto ay isang proseso ng pagkamit ng bago, nagbabago o pagpapatibay ng umiiral na impormasyon, gawi, kasanayan, pagpapahalaga o kagustuhan at pagbuo ng iba't ibang uri ng kaalaman. Bawat indibidwal ay may kanya-kanyang istilo ng pagkatuto batay na rin sa kanyang bakgrawnd at kakayahang makapangalap ng kaalaman at kasanayan. Partikular ang teorya ni Kolb ay nakatuon sa proseso ng pagkatuto mula karanasan. Inilarawan nina Healey at Jenkins (2000) na ang isang mahalagang katangian ng teorya ni Kolb ay ang iba't ibang yugto kaugnay ng natatanging siklo ng pagkatuto. Para sa kanila, ang teorya ay nagbibigay ng rasyonal sa iba't ibang metodo ng pagkatuto gaya ng independent learning, learning by doing, work-based learning at problem-based learning.

Mula sa apat na siklong bahagi ng teorya ni Kolb ay may apat na uri ng mga mag-aaral (learners) ang natukoy: ang Divergers na natuto mula sa mga konkretong karanasan at replektibong obserbasyon; ang Converger ay nagnanais naman matuto mula sa mga aktuwal na karanasan at nakapagbibigay ng solusyon sa isang suliranin. Ang kanilang pangunahing kasanayan sa pagkatuto ay abstrakstong konseptuwalisasyon at aktibong eksperimentasyon; ang Accommodators ay nakapagpapakita ng pagkatuto batay sa konkretong karanasan at may pagkiling sa pagtanggap ng mga bagong karanasan; ang Assimilator ay kombinasyon ng abstraktong konseptuwalisasyon at replektibong obserbasyon. Mas nais nila ang mag-isip kaysa sa kumilos (Bhatti et al, 2015).

Mula sa mga ibinahaging karanasan ng mga respondente, natunghayang sila ay umaayon sa katangian ng mga uring Diverger at Accommodators. Ang pagganap at pagtatanghal ng kanilang mga likha, maging ito man ay sining biswal, dula o performance art ang itinuturing na konkretong karanasan ng pagkatuto ng sining. Sa pagtukoy ng paksa at kaisipang umiikot dito, ang midyum at paraan ng pagtatanghal, ang paghahanda at pagsasakatuparan ay iniaangkop sa hinihingi ng sitwasyon kung kailan, saan at paano sila magpapalabas. Isinasaalang-alang ng pangkat ang espasyo at konteksto ng pagtatanghalan gayundin ang kaluwagan ng pagsasakatuparan ng gawain sapagkat ang oras ay isang malaking salik na nakaaapekto bilang sila ay may mga kailangang tuparin na gawaing akademiko. Ang kalayaang taglay ng bawat grupo sa ilalim ng Adlaw upang mag-isip, kumilos at lumikha ay isang manipestasyon kung paanong ang sarili nilang kaalaman at kaalamang ibinabahagi ng

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

kanilang mga gurong tagapayo ay nakahuhubog ng karanasang matutunan ang sining. Ang mga mag-aaral ay tumitingin sa isang sitwasyon mula sa ibat' ibang pananaw at may pagkiling sa pangangalap ng bagong ideya at karanasan sa pagganap. Nagsasagawa sila ng mga plano at pagsubok dito gayundin ang pag-angkop sa sitwasyong hinaharap. Naging bukas ang pangkat sa anumang puna at fidbak mula sa kanilang mga tagapayo, maging ng isa't isa, para sa pagpapabuti ng kanilang gawain. Narito ang kanilang mga naging tugon hinggil sa danas ng kanilang pagkatuto.

Para sa isang respondente (D), ang pagpasok sa Adlaw ay naging oportunidad upang maranasan at matutunan ang pagtatanghal. Mula sa kanyang estado na pagiging manonood, siya ay nagkaroon ng bagong karanasan bilang kasapi ng Adlaw. Naging isang oportunidad namang makakilala at makahalubilo ng mga propesyonal na performer at mailubog pa ang sarili sa sining ang naging tugon ng isa pang respondente (A) sa kabila ng pagiging iba nito disiplinang kanyang kasalukuyang kinabibilangan (agham at teknolohiya) sa hayskul. Para naman sa isa pang respondente (G), kanyang natuklasan ang pagkakataong pasukin ang iba pang sangay ng sining sa pamamagitan ng Adlaw.

Ang pagsali ng isang respondente (E) ay maituturing niyang manipestasyon ng pagmamahal sa sining. Ang mga gawain ng pangkat ay nagbibigay ng pagkakaton upang siya ay maging artista at madiskubre pa ang talentong kayang ipamalas gaya ng pagiging kabahagi ng Lente bukod sa pagiging miyembro ng Likha. Ganito rin ang naging tugon ng isa pang respondente (G) na ang pagsali sa Adlaw ang nagbigay daan upang mapalalim pa ang kanyang kaalaman sa isang partikular na sangay ng sining gaya ng pagsasagawa ng pelikula. Nagiging motibasyon ng mga kasapi ang kanilang pagmamahal sa sining at makikita ito sa kanilang pananatili sa organisasyon.

Nahubog ng Adlaw ang disiplina ng isang respondente (F) sa kanyang sarili (bilang isang mag-aaral at performer) gayundin ang kakayahang umangkop sa iba't ibang sangay ng sining. Tulad ito ng nabanggit ng isang respondente (C) na sa Adlaw niya naunawaan ang sining bilang bahagi ng kanyang pagkatao. Bunsod nito ay natutunan niyang "bumalikwas at bumalik" sa kanyang pag-iisip at pagtinging muli sa mga bagay sa paligid mula sa ibang pananaw. Para naman sa isang respondente (B), ang karanasang maging kasapi ng Adlaw ay nagturo sa kanyang mag-isip lampas sa tradisyonal o kumbensyonal na pananaw na kanyang itinuturing bilang "pagpapalaya" sa kanyang isipan. Mula sa kanyang karanasan ay natutunan niyang maging kritikal at mapanuri sa mga nakikita at naririnig.

Para sa mga respondente, ang lahat ng kanilang natutunan ay namamalas sa kanilang isinasagawang pagtatanghal sa loob at labas ng paaralan. Kadalasan ay nagagamit din nila ang kanilang kaalaman at talento upang maisakatuparan ang mga kahingiang gawain sa klase. Dagdag pa dito, para sa isang respondente (G), ang kanyang karanasan at natutunan mula sa Adlaw ay nagagamit din niya sa labas ng paaralan. Nagagamit niya ito at napagkakakitaan bilang isang videographer, photographer at editor. Nagkaisa ang mga respondente na bahagi din ng kanilang pagkatuto ang pagtukoy sa kalakasan at kahinaan ng kanilang pagtatanghal. Sa pamamagitan ng repleksyon, ang

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

mga kasapi ay nagiging bukas sa mga kritisismo sa kanilang likha mula sa kanilang mga gurong-gabay at iba pang kasamahan. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng guro sa panghihikayat na maranasan ng mag-aaral ang mga yugto sa siklo ng pagkatuto. Ayon sa kanilang gurong tagapayo [personal na panayam, 15 Nobyembre 2018], ang pagsali sa Adlaw ay isang oportunidad upang mailabas ang gampanin at interes ng bawat mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang gawain upang malinang ang kasanayan sa sining. Bilang gurong tagapamatnubay ng pangkat, siya ay nanghihikayat sa mga mag-aaral na malinang at maipakita ang kanilang kasanayan sa mga dibisyon ng sining. Kanyang ibinigay na halimbawa ang pagsali sa mga kompetisyon na para sa kanyang pananaw ay nagbibigay ng motibasyon upang mas mapabuti pa ang kanilang kaalaman at kasanayan. Nariyan din ang suporta ng koordineytor ng sining at kultura ng paaralan bilang tagapagtaguyod sa adhikain ng organisasyon.

Batay sa danas ng pagganap at pagkatuto ng sining ng mga kasapi ng Adlaw, ang adbokasiyang "Pagbalikwas, Pagtugon at Paglaya" ay kumakatawan sa pananaw ng tagalikha ng sining: una, ang kritikal na pagtingin sa isyu bilang alagad ng sining at pagpapaligalig sa isipan ng awdiyens ukol dito; ikalawa, pagpapahayag ng mensahe sa awdiyens gamit ang sining at ikatlo, ang pagpapalaya sa sarili bilang alagad ng sining at ang adhikaing mapalaya din ang awdiyens sa pamamagitan ng paglikha ng sariling kahulugan." Ang gamit ng mga salita ay kumakatawan sa kanilang layunin bilang isang pangkat na gumamit ng sining bilang midyum ng kanilang pagpapahayag. Ang pagpapakilala sa samahan, gamit ang adbokasiya, ay natunghayang tagapagtaguyod at tagapagbatid ng kanilang identidad sa paaralan.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pangkalahatan, ang malikhaing proseso ng samahang Adlaw ay isang halimbawa ng paano ang stimulasyon at suporta mula sa guro at mga external na ahensya ay nakakaapekto sa pagbuo at pag-unlad ng sining sa paaralan. Ang replektibong gawain ay nagpapakita na ang stimulasyon, tulad ng interes at oportunidad na magtanghal, ay pangunahing nagbigay inspirasyon sa mga miyembro ng Adlaw upang makibahagi at mag-ambag sa kanilang mga likha. Ang pagmamahal ng mga mag-aaral sa sining at kultura, na pinapalakas ng suporta ng kanilang gurong tagapayo, ay naging pangunahing motibasyon para sa kanilang pagbuo ng malikhaing proyekto. Ang papel ng guro bilang tagapayo ay mahalaga sapagkat siya ay nagbigay ng mahalagang direksyon at puna na nagpalakas sa kakayahan ng grupo na lumikha at magsanay. Ang paglinang ng kasanayan sa sining, kasama ang pagsasaalang-alang sa panlipunang konteksto at mga teknikal na aspeto, ay lumilikha ng isang simbolikong wika na nagpapahayag ng kanilang mga konsepto at pag-unawa. Ang mga pagtatanghal na isinasagawa ng Adlaw ay hindi lamang isang demonstrasyon ng kanilang mga likha kundi isang repleksyon ng kanilang malikhaing proseso at adbokasiya.

Ang sining ng pangkat Adlaw, sa konteksto ng pagganap bilang isang objek at metodo, ay isang malinaw na patunay ng kahalagahan ng tema, midyum, at espasyo sa paglikha at pagpapahayag ng kahulugan. Bilang isang objek, ang pagganap ay hindi lamang isang pisikal na pagtatanghal kundi isang paraan ng

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 4, No. 1, October 2024

konkretisasyon ng mga ideya at tema na tumatalakay sa mga isyu ng lipunan. Ang pagpili ng midyum at espasyo ay may mahalagang papel sa tagumpay ng pagganap, kung saan ang performance art, spoken word poetry, at digital art ay ginagamit upang maghatid ng mensahe sa publiko sa paraang angkop sa temang tinatalakay. Ang pagganap bilang metodo ay nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa sa papel ng mga manonood sa pagbuo ng kahulugan. Ang paggamit ng simbolo at metapora ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mga manonood na magkaroon ng sariling interpretasyon, samantalang ang pagsasaalang-alang sa perspektibo ng manonood ay nagpapalakas ng empatiya at interaksyon sa pagitan ng gumaganap at ng kanilang audience. Ang proseso ng paglikha, mula sa ideya hanggang sa pagtatanghal, ay isinasaalang-alang ang pangkalahatang layunin na magbigay ng pag-unawa at mag-udyok ng reaksyon mula sa publiko.

Sa pag-unawa ng teorya ni Kolb sa pagkatuto ay sumasalamin sa praktikal na karanasan ng mga mag-aaral sa ilalim ng Adlaw. Ang iba't ibang uri ng pagkatuto ay natutukoy sa paraan ng pagganap at pagpapahayag ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng kanilang iba't ibang estilo sa pagkatuto at pag-angkop sa kanilang mga karanasan. Ang mga natuklasan mula sa mga respondente ay nagpapakita na ang pagkatuto sa Adlaw ay hindi lamang nakatuon sa pagbuo ng kasanayan sa sining, kundi pati na rin sa paghubog ng kanilang karakter, pagpapalawak ng pananaw, at pagpapabuti ng kakayahang mag-isip nang kritikal. Ang aktibong paglahok sa mga proyekto at pagtatanghal ay nagsisilbing konkretong karanasan kung saan ang mga mag-aaral ay nakapagtuturo sa kanilang sarili at sa iba sa pamamagitan ng kanilang sining. Ang kanilang pagtanggap sa mga puna at pagsasagawa ng repleksyon ay nagpapalakas sa kanilang kakayahang mag-adjust at mag-improve, na nagpapatunay sa bisa ng siklo ng pagkatuto ayon sa teorya ni Kolb.

Mula sa mga tugon, natukoy na ang Adlaw ay nagbibigay-diin sa pagpapahayag ng kahulugan na lampas sa literal na konteksto, na ginagampanan ang kanilang papel bilang "Tagapagpamulat" at "Tagapagpabatid" ng mga isyung panlipunan. Ang kanilang mga gawain, mula sa live performances sa pampublikong lugar hanggang sa paggamit ng teknolohiya, ay nagpapalawak sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan sa mas malawak na audience. Sa kabuuan, ang kanilang sining ay isang dinamikong proseso ng pagbuo ng koneksyon at pag-unawa, na nagbibigay halaga sa interpretasyon at karanasan ng bawat isa, at nagpapakita ng kanilang adhikain na "Pagbalikwas, Pagtugon, Paglaya." Ang kanilang pagsisikap na maipahayag ang kanilang mga mensahe sa makabago at malikhaing paraan ay nagbibigay ng bagong pananaw sa sining at tumutulong sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyung panlipunan.

Bilang mungkahi para sa mga susunod na pag-aaral, nangangailangan ng ibayong pananaliksik ukol sa pedagohiya ng sining, pagtataya ng sining at epekto ng sining sa pagkilos at ugali ng mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan. Mainam rin na tuklasin ang

## SANGGUNIAN

Alber, J. (2017). Narratology and performativity: On process of narrativization in live performances. Narrative, 25 (3), 359-373.

Barrett, E. (2007). Experiential learning in practice as research: context, method, knowledge. Journal of Visual Art Practice, 6(2), 115-124. doi:10.1386/jvap.6.2.115_1

Beeman, W. and Schechner, R. (1993). Performance Theory in an Anthropolo-

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 4, No. 1, October 2024

gy Program. Dinownload noong 29 August 2013 mula sa http://www.brown.edu/Departments/Anthropology/publications/PerformanceTheory.htm

Bhatti, A. A., Khan, M., Bashir, H., & Jahan, S. (2015). Identification of the Learning Styles of Mbbs Students of the Conventional and Modular System. Khyber Medical University Journal, 7(2), 64–67. Mula sa http://search.ebscohost.com/login.aspx?direct=true&db=a9h&AN=112316139&site=ehos t-live

Cantos, D. (2018, November 15). Adlaw [Personal na panayam].

Department of Education Curriculum Guides. (n.d.). Dinownload noong 26 Setyembre 2017 mula sa http://www.deped.gov.ph/k-to-12/curriculum-guides/Grade-1-10

Finlayson, C.C. (2015). Performativity and the art of Tai Chi. Southeastern Geographer, 55(3), 362-376.

Garoian, C.R. (1996). Performance art: Repositioning the body in postmodern art education. Journal of Multi-Cultural and Cross-Cultural Research in Art Education, 14, 40-56.

Healey, M & Jenkins, A. (2000) Kolb's experiential learning theory and its application in geography in higher education, Journal of Geography, 99:5, 185-195, DOI:10.1080/00221340008978967

Ilori, O. A. (2016). The Theatre of Woel Soyinka: Inside the Liminal World of Myth, Ritual and Postcoloniality.Dinowload noong 25 Marso 2019 mula sa http://etheses.whiterose.ac.uk/15733/1/ILORI%2C%20O.A.%20School%20of%20Perfor mance%20 %26%20Cultural%20Industries%20PhD%202016.pdf

Komitee, S. (2010). A Student's Guide to Performance Studies. Dinown load noong 29 August 2013 mula sa http://isites.harvard.edu/fs/docs/icb.topic649702.files/Peformance_Studies.pdf

Koopman, C. (2005). Music education, performativity and aestheticization. Educational Philosophy & Theory, 37(1), 119-131. doi:10.1111/j.1469-5812.2005.00102.x

Latayan, G. (2017, November 20). Adlaw [Personal na panayam].

Law, S.M. (October 2010). An interdisciplinary approach to art appreciation. New Horizons in Education, 58 (2).

Leeker, M., Schipper, I., & Beyes, T. (2017). Performativity, performance studies and digital cultures. In M. Leeker, I. Schipper, & T. Beyes (Eds.), Performing the Digital: Performance Studies and Performances in Digital Cultures (pp. 9–18). Transcript Verlag. http://www.jstor.org/stable/j.ctv1xxsxb.3

Lichte, E.F. (2008). The transformative power of performance: A new aesthetics. USA: Routledge.

Media-Studies.com. (2022, November 4). Roland Barthes. Media Studies. https://media-studies.com/barthes/

Mirano, E. (August 24, 2013). Lecture-presentation on performance studies. First Conference on Performance Studies in the Philippines, De La Salle University- Manila.

Performance and Performativity. Dinownload noong 25 Marso 2019 mula sa https://www.history.ac.uk/1807commemorated/media/methods/performance.html

Road Map for Arts Education - UNESCO. (n.d.). Dinown load noong September 26, 2017 mula http://www.bing.com/cr?IG=CA7F5AA0A3C44A8BAB654B891381A1DB&CID=24645CB7CECF6CD922785BECFC96D62&rd=1&h=QLJJZV_d1lIXEr 4C9sjKO1eEtUKvwTk1Mo0ioUHu1Rw&v=1&r=http%3a%2f%2fwww.unesco.org%2fnew%2ffileadmin%2fMULTIMEDIA%2fHQ%2fCLT%2fCLT%2fpdf%2fArts_Edu_RoadMap_en.pdf&p=DevEx,5065.1

Saul, A.J. G. (June 2015). What we see is (not) what we get: ArtSocs students' appreciation of performance art. De La Salle Lipa Journal of Education, Arts and Sciences, 1(1).

Tarr, J. (1996). Arts Education: a process approach to the development of pedagogy, Journal of In-Service Education, 22:3, 293-308, DOI: 10.1080/0305763960220305c

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.